

PRAYER

- Pasalamatan ang Diyos sa pagpapakita sa atin ng Kanyang kalooban at mga pangako sa pamamagitan ng Kasulatan.
- Ipanalangin na biyayaan ka ng Diyos ng kakayahan na marinig, mapag-aralan, at sundin ang Kanyang Salita araw-araw.
- Maniwala na ang kakayahan ng Diyos na bumago ng buhay ay makikita sa iyong buhay habang sinusunod mo ang Kanyang Salita. Ipanalangin na ito ay magbibigay ng mga pagkakataon na ipahayag ang ebanghelyo sa iyong mga kapamilya at kaibigan.

NOTES

WORD VIEW

Pagsasapamuhay

WARM-UP

- Ibahagi ang isang libangan na kamakailan mo lamang sinimulan.
- Ibahagi ang isa sa mga pinaniniwalaan mong mangyayari ngayong taon.
- Ano ang isang bagay na ninais mong matutunan noong bata ka pa?

WORD

*Ngunit ang taong nagsasaliksik at tumutupad sa Kautusang ganap na nagpapalaya, at hindi tagapakinig lang na nakakalimot agad, ay ang taong pagpapalain ng Diyos sa mga ginagawa niya. **SANTIAGO 1:25***

(Basahin din ang **SANTIAGO 1:22-24.**)

Habang binabasa natin ang Kasulatan, makikita natin ang napakaraming mga pangako. Marami sa atin ang nagnanais na makita ang katuparan ng mga pangako ng Diyos sa ating buhay. Subalit, mayroong mas mahalagang hakbang para sa katuparan ng mga pangakong ito—ang pagsasapamuhay. Hindi natin mararanasan ang kapangyarihan ng Salita na baguhin ang ating buhay kung hindi tayo handang magpasailalim sa kapangyarihan ng Diyos at isapamuhay ang Kanyang Salita. Ang pagbabago ay bunga ng pagsunod sa Diyos at sa Kanyang Salita. Kapag nagbibigay ang Diyos ng pangako, ito ay kadalasang may kaakibat na saligan. Sa aklat ni Santiago, ang mga mananampalataya ay hinikayat na makinig, mag-aral, at sumunod sa Salita.

1 Pakinggan ang Salita.

Huwag lang kayong maging tagapakinig ng salita ng Diyos kundi sundin ninyo ang sinasabi nito. Dahil kung hindi, dinadaya ninyo lang ang inyong sarili. **SANTIAGO 1:22**

Noong isinulat ang aklat ni Santiago, wala pa ang Bibliya na mayroon tayo ngayon. Marami ring tao ang mga hindi nakapag-aral noon, kung kaya't hindi nila maintindihan ang mga nakasulat na manuskrito. Dahil dito, ang Salita ng Diyos ay madalas na ipinapangaral at pinakikinggan. Ang pakikinig sa Salita ang unang hakbang para sa pagsasapamuhay nito. Nilikha ng Diyos ang sandaigdigan, kasama ang tao, sa pamamagitan ng Kanyang Salita. Nangangahulugan ito na tayo ay nilikha upang tumugon sa Kanyang Salita. Paano lumalaki ang pagpapahalaga mo sa Salita habang lumalalim ang pamumuhay mo sa piling ng Diyos?

2 Pag-aralan ang Salita.

²⁵Ngunit ang taong nagsasaliksik at tumutupad sa Kautusang ganap na nagpapalaya . . . **SANTIAGO 1:25**

Upang maintindihan ang kalooban ng Diyos, mahalagang maglaan tayo ng oras upang pag-aralan ang Kasulatan. Sa pag-aaral ng Salita ng Diyos, makikita natin ang mga katotohanan, kautusan, pangako, at halimbawa na nakapaloob dito. Hindi natin ganap na masusunod ang Diyos kung hindi natin aaralin ang Kasulatan. Sa buong Bibliya, makikita natin ang maraming imbitasyon para makipag-ugnayan sa Salita at pag-isipan ito, upang makilala natin ang Diyos at maisapamuhay ang Kanyang kalooban sa ating mga buhay. Paano lumago ang kaalaman mo sa Salita at sa Diyos simula nang ituon mo ang iyong oras sa pag-aaral ng Salita?

3 Sundin ang Salita.

. . . at hindi tagapakinig lang na nakakalimot agad, ay ang taong pagpapalain ng Diyos sa mga ginagawa niya.

SANTIAGO 1:25

Hindi ginawa ng Diyos ang Kasulatan upang palaguin lamang ang ating kaalaman. Sinulat Niya ito upang malaman natin ang Kanyang kalooban at sundin ang Kanyang mga ipinag-uutos. Nais Niyang makita ang pagbabago sa ating mga buhay, at ang pagbabagong ito ay mangyayari lamang kung isasapamuhay natin ang Kanyang Salita. Ito ang magdadala sa atin sa Kanyang kagustuhan at susi upang makita ang katotohanan ng Kanyang Salita sa ating mga buhay. Ano ang sinasabi sa Santiago 1:23,24 patungkol sa taong nakikinig sa Salita ngunit hindi sumusunod sa sinasabi nito?

APPLICATION

- Ano ang isang bagay na maaari mong gawin ngayong linggo upang mahubog ang kaugalian ng pakikinig sa Salita ng Diyos?
- Paano mo inaaral ang Salita ng Diyos araw-araw? Sino ang maaaring tumulong sa iyo tungkol sa debosyon mo sa Kanyang Salita?
- Paano nangungusap sa iyo ang Diyos upang sumunod sa Kanyang Salita ngayong linggo? Sino-sino ang hinihikayat mo upang sumunod sa Kanyang Salita? Paano mo ito ginagawa?